

# Chapter One

“Hello! Welcome to Earth!” Dalawang kamay na Hiwinagayway sa harap ni Lesandrea ang biglang nagpakurap sa kanya. Ang kaibigan niyang si Macey ang may-ari ng istorbong mga kamay na iyon. Base sa hilatsa ng mukha nito ay siguradong alien na ang tingin nito sa kanya.

“Ano ba?” nakasimangot na reklamo niya sa ginawa nito.

“Huwag mo nga akong ma-ano ba, ano ba riyon. Kanina pa ako salita nang salita rito, pero hindi ka naman pala nakikinig. What’s gotten into you? Is it about the company again?”

“Mary Christine Salvador, p’wede ba? Give me some peace.”

“Iyon lang ba, Lesandrea Montilava? Fine! Mag-

yoga ka rito mag-isa mo!” Umakma itong iiwan siya, pero mabilis niyang pinigilan ang kaibigan. “Emoterang froglet ka!” nanunulis ang ngusong sambulat nito.

“OA! Iiwan mo itong café mo? Grabeng saltik ng utak iyan, ha!” Hinila niya ito sa braso at muling pinaupo sa tabi niya. Naroon sila sa *Mac Café*—na pag-aari mismo ni Macey—ang kanyang bestest friend.

“Ouch!”

“Huwag kang umarte diyan. Truth hurts, you know.”

“Whatever.” She rolled her eyes. “The patalastas is over. Back to the dilemma, how is it going? Nakausap mo na ba iyong ibang mga stockholders ng *Les Eisel*? What did they say?” mayamaya ay interesadong untag nito. Macey had a share in her father’s company.

*Les Eisel* was very famous for its high quality coffee beans and luxurious coffee machines. Hindi lang iyon sikat at pinagkakatiwalaan sa Pilipinas kundi maging sa buong Asia.

“I have this hunch that something is up. And I need to find out what it was,” seryosong saad ni Lesandrea. She unconsciously sipped her latte mocha.

“So, ano’ng balak mo ngayon?”

“Nalaman kong may outside meeting si Tito Raul mamayang hapon. That meeting wasn’t put on record in the company. It’s definitely a secret meeting. I have to go there.”

“Paano mo nalaman kung secret meeting naman

pala iyon?”

“You know Mr. Parilla, right?” nakangising turan niya.

“Iyong gurang na patay na patay sa ’yo na kanang-kamay ng tito mo?”

“Yup. Konting charms lang ang kinailangan kong gamitin para manakaw sa kanya iyong organizer ni Tito. Bingo! Tama nga ang hinala ko. May kababalaghan na ginagawa si Tito.”

“You are so great, Les! Ikaw na talaga!”

“Ako pa!” Nagkatawanan sila. “I need to know his plan. Gagawin ko ang lahat para sa kompanya. Ito na lang ang natitirang alaala ni Papa sa akin, I can’t let anyone snatch it away from me. Alam kong hindi nila ako pababayaan ni Mama.”

“They are watching you right now. Huwag kang mag-emote, bruha!” naluluhang tugon ni Macey. Whenever their topic goes to her deceased parents, nagiging emotera sila pareho. Malapit din kasi ang kaibigan niya sa namayapang mag-asawa.

“I know.” She let out a serene smile.

“May naiwang trust fund ang mommy mo para sa ’yo, di ba? You can still have the company.”

“Alam mo na namang hindi pera ang issue ng mga stockholders sa akin, hindi ba? Someone has been brainwashing them. Isa-isa na nilang binibitawan ang mga hawak nilang shares sa kompanya. What made me nervous all the more is, hindi ko alam kung kanino nila ibinenta o balak na ibenta ang mga shares nila.”

“You can offer to buy their shares. Double the

amount or you can even triple it. Tutulongan kita.”

“Sa tingin mo ba ay hindi ko sinubukang gawin iyan? I did. But they refused. Tito Raul has a total of twenty-five percent of the company shares now. And from what I’ve heard, he already bought Mr. Luciano’s five percent. I have the twenty-five percent. Pareho na kami ng shares. You have ten percent. The remaining thirty-five percent is currently on the loose. Kapag nagkaroon ng botohan, tiyak na matatalo ako kung ikaw lang ang boboto sa akin para maging presidente ng kompanya. If that happens, it’ll be the end of me. Kaya kailangan ko siyang maunahan,” paliwanag ni Lesandrea.

“Grabe! Kaya ayaw kong magtrabaho sa mga ganyan kalalaking kompanya, eh. Headache at stress lang ang makukuha ko,” iiling-iling na sabi ng kaibigan.

“Hindi pare-pareho ang mga kompanya. Sadyang minalas lang ako dahil mayroon akong tito na gustong kunin sa akin iyon. Kung may masama mang binabalak si Tito Raul, tinitiyak kong mapipigilan ko siya. Hinding-hindi ko hahayaang mawala sa akin ang kompanya ni Papa. Never!”

Nakakaunawang nagkibit-balikat si Macey.



Kinakabahang inayos ni Lesandrea ang suot na sleek bobcut wig. Light golden brown ang kulay niyon na bumagay naman sa morena niyang kutis. Hindi naman siya mukhang losyang, of course she still had a fashion sense. Today, she transformed herself into a

tough-looking chic, as opposed to her bluntly elegant style. Everything about her was too formal—her clothes, her eyes, her smile, her face, her gait, and even her voice.

But she never cared. That's her. She was a very isolated persona. Pero para sa hapong iyon, naging iba siya. *Para sa undercover mission ko.*

Kasalukuyan siyang nasa loob ng isang fancy restaurant sa isang five-star hotel. At mula sa kinauupuan niya, na hindi kalayuan sa kinaroroonan ng kanyang tito, ay kitang-kita niya kung paano itong masayang nakikipag-usap sa isang matandang lalaki na malapit nang maubusan ng buhok.

Sa tabi nito ay isa pang matandang lalaki. Biglang kumulo ng dugo ni Lesandrea. It was Mr. Resiclo, isa sa mga stockholders ng kompanya. Nang nagdaang araw lang ay kausap niya ito at pinapakiusapang sa kanya na lang ibenta ang shares nito.

“Traitor!” Gigil na pinagtutusok niya ng tinidor ang halos lasog-lasog nang steak sa plato niya. “Traitor! Burn in hell, traitor!”

Natigil siya sa pagsesentimyento nang biglang tumayo ang mga taong sinusubaybayan niya. Maingat niyang hinawi ang bangs upang pagtakpan ang kanyang mukha at nagkunwang abala sa pagkain ng steak. Pinakiramdaman niya ang ikinikilos ng mga ito. They ended up giving each other a firm handshake.

Mayamaya ay iginiya ng tito niya ang dalawang lalaki palabas ng restaurant. Natilihan si Lesandrea. Kailangan niyang sundan ang mga ito! Mabilis na

kumuha ang dalaga ng iilang libuhin mula sa kanyang pitaka at basta na lang iniwan iyon sa mesa bago siya tumayo upang sundan ang mga lalaki.

Kuntodo sa pagkabog ang dibdib ni Lesandrea habang maingat na sinusundan ang mga ito. Napatigil sila sa lobby. Mukhang may hinihintay pa ang mga lalaki. Napalinga siya sa paligid. Mabilis siyang naghanap ng puwesto para magtago. Madami siyang binasa at pinag-aralan sa *palusot.com*, kaya alam niyang mentally ready siya.

Napansin niya si Mr. Resiclo na kumunot ang noo nang mapatingin sa kanyang gawi. Kinuyog siya ng laksa-laksang pagkataranta. Halos hindi niya malaman ang dapat gawin kung paano niya maitatago ang sarili mula rito. He may not recognize her at once, pero tiyak na mamumukhaan pa rin siya nito kapag nagtagal pa siya roon.

She had to think of something. Fast. Hindi siya dapat mabuking at mas lalong hindi dapat masira ang mga plano ni Lesandrea. Kapag nagkataon, katapusan na niya! Hindi lang ang kompanya ang mawawala sa kanya—pati ang iniingatan niyang pride!

Nang magsimulang magduda sa kanya si Mr. Resiclo, lalo nang mapansin niyang pati ang Tito Raul niya ay mukhang malapit na rin siyang mapansin, mas lalo siyang nataranta. Kung dahil sa pagkataranta o dahil nabigla ang mga mata ni Lesandrea nang makakita siya ng sobrang gwapong lalaki na eksaktong dumaan sa harap niya, hindi na alam ng dalaga. Basta nagawa niyang kumilos at hinarang ang estranghero.

Hindi niya rin alam kung paano nagawang sumampa ng dalawang kamay niya sa batok ng lalaki. At mas lalong hindi niya alam kung paano niya nagawang hatakin ito sa batok at siilin ng isang nag-aalab na halik!

*So much for my first kiss.*

Iyon ang unang pumasok sa isip ni Lesandrea habang naestatwang nakayapos ang mga kamay niya sa lalaking bigla na lamang niyang hinatak at siniil ng halik. Kanina pa niya kinukumbinsi ang sariling ginawa niya lamang ang bagay na iyon upang tantanan na siya ng nagdududang tingin ni Mr. Resiclo.

Pero habang nananatiling parang tuod ang lalaking kalapat-labi niya ay hindi pa rin nawawala ang kaba ng dalaga. Paano kung bigla itong mag-eskandalo?

Hindi siya papayag! Naroon na rin lang siya, lulubusin na niya. Hindi na siya bata at marami na rin siyang napanood na kissing scene sa big screen. Maanong gayahin niya ang isa sa mga iyon? Sinubukan niyang pagalawin ang mga labi, pero parang naturukan iyon ng anesthesia at ayaw sumunod sa utos ng utak niya.

What the heck?

Halos panawan si Lesandrea ng ulirat nang painut-inot na kumalas ang mga labi ng estranghero palayo sa mga labi niya. Mariin siyang napapikit. Kailangan na ba niyang ihanda ang sarili para maharap sa isang nakakalunod sa kahihiyang sitwasyon?

“What am I, a baby?” amused na bulong ng estranghero.

“W-what?”

“I’ll show you what a real kiss is.”

At bago pa man makahuma ang dalaga ay biglang nag-replay ang eksenang ginawa niya kanina. Iyon nga lamang ay nabaligtad na ang bida, dahil ito na ang umatake at sumiil ng halik sa nakaawang na mga labi niya!



# Chapter Two

*Rape! Rape! Rape!*  
Paulit-ulit na isinisigaw ng utak ni Lesandrea ang mga katagang iyon habang ekspertong gumagalaw ang matamis na mga labi ng estranghero sa nangangatal na bibig niya. Natilihan siya. *Matamis? Saan nanggaling iyon?* Pilit niyang pinagana ang utak sa kabila ng pag-enjoy niya sa halik at hindi man lamang nagawang pumalag.

They were even kissing in a public place, for crying out loud!

Pinilit niyang hakutin ang natitira niyang katinuan sa isip bago siya tuluyang matupok sa kakaibang sensasyong noong mga sandaling iyon lamang niya naramdaman.

Kusa siyang binitiwang ng lalaki. Nakangising

tumitig ito sa kanya. Napanganga siya sa ginawa nito bago napalunok. Bakit bigla yatang nagkaroon ng karera ng mga elepante sa loob ng dibdib niya? Nakikipag-unahan ang pagpintig ng puso ni Lesandrea sa kanyang paghinga.

“Next time, kapag raraket ka, galingan mo naman. You won’t get a customer if you’d act like that. O baka naman bagong strategy na ninyo iyan? Ang pagpapanggap na inosente?” Humalukipkip ito at saka siya tiningnan nang pataas-pababa. “Sabagay, p’wedeng gumana iyang pakulo mo sa iba. I repeat, sa iba. Not to me.” Pagkuwa’y nailing na nagkibit-balikat ito.

Hindi maunawaan ng dalaga ang sarili. Alam niyang nilalait siya ng kausap base na rin sa nang-uuyam na tingin nito sa kanya, pero bakit hindi niya magawang mag-react? Hindi niya maintindihan ang sinasabi nito dahil mas malakas pa yata ang tibok ng kanyang puso kaysa sa boses nito.

Wala sa loob na napahawak siya sa dibdib. *What am I feeling? Stop acting like a stupid schoolgirl, darn it!* Napakurap si Lesandrea nang mapansing lumipad ang tingin nito sa bandang likuran niya. Mukhang may inaasahan itong kakatagpuin. Dahil sa ginawa nito ay biglang rumagasa sa isip niya ang totoong dahilan kung bakit siya napadpad sa lugar na iyon.

Mabilis siyang napalingon sa kanyang likuran. Awtomatikong nalaglag ang panga niya nang makitang wala na roon ang dapat niyang makita! Kasing-gulo ng utak niya ang sitwasyong kinasusuungan niya.

Napapadyak si Lesandrea sa inis.

*This is all that jerk's fault!* Hindi niya naiwasang sisihin ito. Ibinalik niya ang nagbabagang tingin sa lalaking dahilan kung bakit biglang nasira ang kanyang plano, kung bakit biglang nawala sa paningin niya ang kanyang Tito Raul! At parang gusto niyang ituloy ang pagwawala nang makitang maging ang lalaking ninakawan niya ng halik at ninakawan din siya ng halik ay bigla ring nawala sa paningin niya!

*Ano ba namang drama ng buhay ito, oh! Ang sarap pumatay ng lamok!*

Napahawak si Lesandrea sa mga labi. Bakit parang nararamdaman pa rin niya ang mainit na mga labi ng lalaking iyon? Ikiniling niya ang ulo. *Erase, erase! Hindi siya ang dapat kong iniisip.* Napailing siya nang ilang beses bago derechong tinungo ang pinto palabas ng hotel.

Balik siya sa orihinal niyang problema—ang nanganganib na pagkawala ng kanyang kompanya!



“That brute!” Gigil na nilamukos ni Lesandrea ang hawak na papel saka inihagis iyon sa harapan niya. Dramatikong nawala iyon sa kanyang paningin. Sigurado siyang bumagsak na iyon sa lupa—mula sa ikadalawampu’t apat na palapag na kinaroroonan niya. Naroon siya sa rooftop ng kanyang bagong bagsak na kompanya. *Bagong bagsak sa kamay ng iba.* She sighed.

It was a letter from Mr. De Silva, ang tusong negosyante na nakabili sa mga shares na pinag-aagawan nila ng tito niya. He bought all of the

remaining shares her company had, mas malaki na ang share nito sa kanya kaya natural na napunta na rito ang control ng buong kompanya. Nanghihinang napapikit ang dalaga at napatingala sa nalalapit nang magkulay-kahel na langit.

Bigla siyang napamulat nang mahagip ng tainga niya ang kantang *Let's Be Happy* ni Zaira De Calibre—ang paborito niyang mang-aawit na kamakailan lang ay tumigil na sa pag-aartista matapos itong magpakasal. Isang mapait na ngiti ang sumilay sa kanyang mga labi.

What was there to be happy about? Her life's screwed. Today was her parents' death anniversary and her father's company had just been taken away from her. Matamlay niyang hinugot ang kanyang telepono mula sa bulsa ng khaki slacks at kinansela ang tawag.

It was her Tito Raul. Batid niyang kagagalan lamang siya nito. Kunwari ay concerned sa kompanya, pero alam niyang galit dahil hindi ito ang nakakuha ng pinakamimithing kompanya kundi ibang tao pa mismo.

Hindi niya naiwasang mapaluha nang maalala ang matandang lalaki. Kung tutuusin, ito ang dapat na tumutulong sa kanya. He was her father's only brother. But as it seemed, ito pa ang nagbabalak na pabagsakin siya. He wanted her father's company. He was a blood-sucking kin who wanted to keep everything for himself.

Naniniwala itong walang karapatan ang daddy niya sa kayamanang naiwan ng grandparents niya

kundi ito lang. Hindi nito matanggap na ang daddy ni Lesandrea ang panganay na anak at hindi ito. Ang panganay na anak kasi ang nakatakdang magiging successor ng lolo niya—mapupunta rito ang mas malaking porsyento ng lahat ng mga kayamanan nito. It was unfair, but it was their family's tradition.

“Mama, Papa, nakikita ninyo ba ako ngayon? Do you see how miserable my life is since you left? I feel so alone. Sana isinama ninyo na lang ako. Sana masaya pa tayo ngayon. I miss you, especially at times like this.”

Hindi lang iilang beses na ipinagdasal ng dalaga na sana nga ay ganoon na lang ang nangyari noon. Na sana ay nakasama siyang namatay noong maaksidente sila at mahulog ang sinasakyang kotse sa bangin ng Naguilian, La Union. Patungo sila ng Baguio noon para magbakasyon dahil katatapos lang ng graduation niya, pero nauwi ang lahat sa trahedya.

She was twenty then. It's been eight years now simula nang matuto siyang mabuhay nang mag-isa. Wala na rin kasi siyang ibang kamag-anak maliban sa mga tito at pinsan niyang wala nang ibang hinangad kundi ang pabagsakin siya. She's an only child. Kaya wala siyang ibang karamay kundi ang sarili.

Sa itinagal-tagal ng panahon ng kanyang pag-iisa, ngayon lang ulit nakaramdam ng kawalan ng pag-asa si Lesandrea. Mabilis niyang pinunasan ang luhang nagbabadyang bumagsak mula sa kanyang mga mata.

She took off the blazer she specially wore for that day. Iyon ang huling regalo ng mommy niya sa kanya bago ito namatay. Iyon din ang ginamit niya noong

nagtapos siya sa kursong Business Administration, noong ilibing ang mga magulang niya, at ngayon nga ay sa huling araw niya bilang CEO ng kanilang kompanya.

Napalinga siya sa paligid. That place was her solitude. Doon siya madalas dalhin ng daddy niya noon sa tuwing nabo-bore siya sa opisina nito upang maglaro. Her father's company, the *Les Eisel*—na ipinangalan pa sa kanya at sa kanyang mommy Leslie—held the happiest days of her life.

Kaya hirap na hirap talaga siyang isuko ang lugar na iyon. Gagawin niya ang lahat para mabawi ulit ang kompanyang nabuo mula sa dugo at pawis ng kanyang ama. She inhaled and filled her lungs with fresh and chilly air.

“Take me with you...Ma...Pa.”

Tinanggal niya ang mga sapatos at sumampa sa railings. Itinaas niya ang dalawang kamay at muling napatingala sa langit.

Muling namuo ang luha mula sa gilid ng mga mata niya. She suddenly felt closer to her parents. Parang ang lapit-lapit nila. Kumilos ang kamay niya na tila ba inaabot niya ang langit.

Paano nga kaya kung sumama na lang siya sa mga ito? Paano nga kaya kung iwan na niya ang lahat ng problema niya? Magiging mas madali ang lahat, di ba? Mawawalan siya ng problema, ng sama ng loob... at ng buhay?

Napalunok si Lesandrea nang mapadako ang tingin niya sa ibaba. Parang langgam na lang ang mga

sasakyan. Gatuldok na lang ang mga taong naglalakad sa gilid ng kalsada. Muntik siyang nabilaukan nang makita ang sementadong kalsada na tila nang-aasar na nakaumang sa ibaba at nag-aantay sa pagbagsak ng katawan ni Lesandrea.

Biglang lumitaw sa isip niya ang imahe ng katawan niyang nagkalasug-lasog. Napailing siya. *Hindi!* Hindi pa siya puwedeng pagpiyestahan ng mga uod sa lupa! Mas lalong hindi puwedeng maging ganoon kapangit ang hitsura niya kapag natigok siya!

Kailangan pa niyang pagbayarin ang may sala kung bakit nagkandaleche-leche ang kanyang kompanya. *Tama!* At mas lalong hindi siya matitigok nang virgin pa! Hindi!

“What do you think are you doing?”

Dumagundong ang maawtoridad na boses na iyon na parang kabuteng bigla na lang umeksena sa pag-emote niya.

Dahil sa pagkabigla ay nataranta si Lesandrea. She accidentally stepped on the wrong place. Nadulas ang paa niya at na-shoot sa pagitan ng railings dahil sa suot niyang stockings. Napasigaw siya.

Narinig niya ang malutong na pagmumura ng lalaking biglang sumulpot bago ito mabilis na dumalo sa kanya. Bigla siyang nanginig nang maalala kung nasaan siya. She was atop the twenty-four-storey building!

“Help me!” natatarantang sigaw niya.

“Quit shouting! Masakit sa tenga!” pigil ng lalaki.

“Help me! Please, help me!”

“Dammit! Hindi ka uod kaya huwag kang magpakawag-kawag diyan. Just stay calm and—”

“How can I stay calm? Oh, my God!”

“Gotcha!”

Nanlaki ang mga mata niya nang biglang pumulupot ang kamay nito sa kanyang baywang. Bigla siyang nakaramdam ng kakaibang kalabit—na para bang tinamaan siya ng kidlat. Nakita niyang saglit ding natigilan ang lalaki at nagtataakang napatingin sa kanya.

Mayamaya ay napakurap siya. Hudyat ang naging pagkurap niya upang matauhan ang estranghero at ipagpatuloy ang ginagawa nitong pagsasalba sa kanyang buhay. With one swift motion, nagawa nitong hilain siya at ilayo sa bingit ng mga railings.

“How can you be so stupid? Ano’ng akala mo rito, park para magawa mong tumuntong sa barandilya ng mga railings na iyan na para bang hindi ka mahuhulog mula sa twenty-fourth floor? Are you even thinking?” galit na bulyaw nito kapagdaka.

Napaawang ang mapupulang labi ni Lesandrea, hindi lang dahil sa sinabi nito kundi dahil sa nakita niyang hitsura nito.

Ito ang lalaking nakahalikan niya sa hotel noong nakaraang linggo! Napaatras siya nang wala sa oras. Maliksi namang kumilos ang mga kamay nito at mabilis siyang hinablot pabalik dahil muntik na naman siyang masabit sa railings.

Napapikit siya sa ginawa nito. Hindi lang iyon epekto ng nag-uumapaw na kabanguhan ng



estranghero kundi pati na rin ang pamilyar na init na ibinabahagi ng katawan nito. It was a tingling sensation that couldn't escape her troubled mind. Napalunok siya.

“Are you really this reckless? First, you came out as a crook who acted innocently in front of her object, and now, you're acting suicidal? Ano na namang pakulo ito?” asik nito.

Kasing-bilis ng pagtahip ng dibdib niya ang ginawang pagmulat ng kanyang mga mata. Kasunod niyon ay ang pagkunot ng kanyang noo at ang pagniningkit ng kanyang mga mata. Hindi mapakaling sumunod na nag-isang linya ang kanyang mga labi.

“E-excuse me! Hindi—”

“Dadaan ka?”

Hindi makapaniwalang napatitig si Lesandrea sa nang-aasar na mukha nito. Kahit pa nakakalula ang kaguwapuhan nito ay hindi pa rin niya ma-take ang nakasusuyang ‘sense of humor’ nito. *Sablay sa pag-jo-joke! Swak sa pang-aasar!* Mas lalo tuloy kumulo ang dugo niya.

“B-bakit ka nandito, ha?” sa halip ay usisa niya.

“Bakit hindi ka na lang magpasalamat na nandito ako at nailigtas kita?”

“May magpapakamatay bang nagpapasalamat pa sa sumabotahe ng pagpapatiwakal niya? Ang dapat nga ay sisihin pa kita kasi binuhay mo pa ako! Paano na lang kung ipakargo ko na sa 'yo ngayon ang buhay ko, aber?” naiinis na singhal niya.

“Aakuin ko. I can make you my slave.”

“Puwes, magpapakamatay na lang talaga ako!”

Nakita niya kung paano natigilan ang lalaki sa sinabi niya. Maging siya ay natigilan din. Hindi niya alam kung saan galing ang ideyang iyon na nagpapakamatay nga talaga siya.

Humalukipkip ito at binigyan siya ng isang mapang-uyam na tingin. “Are you that desperate?”

Si Lesandrea naman ang natigilan dahil sa sinabi nito. It may have looked like it. Ang totoo pa nga ay naisip niya ang bagay na iyon kanina. Pero hindi niya kayang magpatiwakal, ano! Sayang ang beauty niya!

“Ano naman sa ’yo ngayon kung magpapakamatay nga ako?”

“Tatakasan mo ang problema mo?”

“Oo. Kaya tatalon ako ngayon din at huwag na huwag mo akong pipigilan!”

“Tumalon ka kung gayon.”

Natigil siya sa pag-aastang pagbalik sa ibabaw ng mga railings dahil sa sinabi nito. Sinasabi na nga ba niya’t wala itong puso. Hindi man lang siya pinigilan? “Talaga!”

“Kapag nagpakamatay ka, pagpipiyestahan ng mga tao iyang lasog-lasog na katawan mo. Who knows, baka maalis pa iyang ulo mo at gumulong patungo sa kalsada. ’Tapos mapipisa dahil madadaan ng gahiganteng mga gulong ng truck.”

“Gross!”

“Kaya, sige na. Magpakamatay ka,” pagtataboy nito.

“F-for your information, pababa na ako kanina.

Pero dahil bigla ka na lang lumitaw mula sa kung saan ay nagulat ako, kaya muntik pa tuloy akong mahulog! Hindi ako nagpapakamatay kanina at wala akong balak na magpapakamatay,” biglang bawi ni Lesandrea.

“Just admit it. Nagpapakamatay ka.” Napangisi ang lalaki.

*Asar!* “Sino ka ba? And why are you here?”

“I am here to claim my new company.” Muli ay napahalukipkip ito at napalinga sa kinaroroonan nila. Kasunod niyon ay ang paglawak ng nakakalokong ngisi nito.

“W-what?”

“It’s nice to finally meet you, Miss Montilava.”

Ito ang lalaking bumili sa kompanya niya? Si Hans De Silva? Napatutop siya sa sariling bibig at nanlalaki ang mga matang napatitig sa nakangising binata.

# Chapter Three

“Ikaw si Mr. De Silva?”  
— “The one and only.”

Her eyes widened in disbelief. Hindi ito ang taong inaasahan niya. Mas lalong hindi niya inaasahang ganito kaguwapo ang lalaking ilang gabi na rin niyang isinusumpa.

“B-bukas pa ang unang araw mo sa opisina. Bakit nandito ka na?” pag-iiba niya ng paksa. She had to calm that eerie feeling—na hindi niya alam kung para saan o kung saan nanggaling.

“I came to bid you farewell. What else?”

“Are you insulting me?” pagtataray ni Lesandrea.

“Ganito ka ba tumanggap ng bisita?”

“Oo. Lalo na kung iyong bisita ay iyong walang pusong umagaw sa kompanya ng papa ko.” Narinig

ni Lesandrea ang pagak na pagtawa nito. “What’s so funny? Will you just leave me alone? Wala ka talagang puso! Pati peace of mind ko gusto mong kunin,” asik niya.

“I can’t. Baka bigla kang tumalon riyan.”

“Hindi ba’t gusto mo akong tumalon dito?”

“Hindi ka p’wedeng tumalon riyan. Kapag namatay ka ngayon at nalaman nilang dinalaw kita, baka mapagbintangan pa ako. Sasabihin nilang itinulak kita riyan,” pahayag ni Hans.

“Nice idea! Bakit hindi? Makakatakas na ako sa problema ko, makakaganti pa ako sa ’yo. Mas lalo ko tuloy gustong tumalon.”

“You should be grateful to me. Why are you being like this?”

“Inagaw mo sa akin ang kompanya! What do you want me to do? Ang makipagbeso-beso sa ’yo? Makipaglaro ng jack en poy at isiping friends tayo?”

“Isinalba ko ang kompanya mo. Hindi ko inagaw.”

“Isinalba? You snatched it away from me!”

“Bakit, mas gugustuhin mo bang mapunta ito sa Tito Raul mo?”

She froze. May punto ang kausap. Kung sa Tito Raul niya napunta ang control ng kompanya, malamang na matagal na siyang nilamon ng lupa. Iyon ang bagay na magiging pinakamahirap tanggapin. Mas gugustuhin pa niyang magpakamatay kaysa ang makitang nakaupo ang tito niya sa swivel chair ng kanyang papa.

“Ano ba’ng alam mo?” Nag-iwas ng tingin si

Lesandrea.

“Alam mo bang ako lang ang makakatulong ngayon sa ’yo?” Napatitig siya rito. Nagtatanong ang mga matang hinintay niya ang susunod na sasabihin nito.

Napabuntong-hininga si Hans. His stare flew and caught hers. Muling nagwala ang tibok ng puso niya dahil sa simpleng pagkakatatig sa mga mata nito. What exactly was happening to her?

“B-bakit? Kung sakali ba ay tutulungan mo ako?” halos pabulong na sabi niya.

“Now we’re talking.”

“A-ano ba ang gusto mong pag-usapan natin?”

“Gusto mo pa bang mabawi ang kompanya?” anito.

“I must be crazy if I’d say no, don’t you think?”

“I am willing to give it back.”

Pakiramdam ng dalaga ay dinaganaan siya ng elepante sa dibdib nang marinig ang tinuran nito. “W-what?” hindi makapaniwalang anas niya. Nagkamali yata siya ng dinig.

“Kaya kong ibalik sa ’yo ang kompanya.”

Natampal ni Lesandrea ang sariling noo. Kasunod niyon ay ang awtomatikong pagsasalubong ng kanyang mga kilay. “Give back the company? Ano ’to, lokohan? Binili-binili mo ’tong kompanya ko para lang ibalik sa akin?” Hindi niya napigil ang muling pagkulo ng dugo.

“Ayaw mo?”

Kasabay ng dibdib niya ay tumaas-baba rin

ang tingin ni Hans sa kanya, kaya mas lalo siyang nakaramdam ng pangingilo. Nakakaubos ng lakas ang mga titig nito! Pinagkrus niya ang dalawang kamay sa dibdib niya upang pawiin ang pagkailang na nadarama niya nang mga sandaling iyon.

Ni hindi na makapagsalita si Lesandrea dahil sa sobrang inis. Pakiramdam kasi niya ay pinaglalaruan na siya nito. Hindi ba't mas tamang siya ang namimilit dito na ibalik sa kanya ang *Les Eisel*? *Hindi ito ang dapat na nangyayari!* Something's wrong. Batid niyang may binabalak ito. And by the sudden turn of the events, mukhang masama iyon. Her snooty side has risen!

"Silence means yes, I suppose."

"What's the catch?"

"Stop glaring at me. Don't think of me as an enemy," he mused.

"Feeling mo talaga friends tayo, gan'on?" iritableng balik niya.

"If we can't be friends, we can at least be allies."

"Scratch the itch. Sabihin mo na lang kung ano ang gusto mong sabihin," napipikang asik niya.

"Women, you are all impatient." He shook his head.

"Bahala ka nga! Aalis na lang ako kung wala rin lang naman akong mahihitang matino sa 'yo," pagmamataktol ni Lesandrea. Indeed, she's a very impatient person. Pinakaayaw niya sa lahat ay iyong pinaghihintay siya.

"On one condition..."

Natigil ang dalaga sa tangkang pag-alis nang marinig ang sinabi nito. Dahan-dahan siyang napalingson kay Hans. Was he for real? Anticipation filled her thoughts. Ito na ba ang ipinagdarasal niyang pagkakataon para muling maibangon ang *Les Eisel*? Kinakabahang hinintay niya ang kasunod na sasabihin nito.

“Work for me.”



“Sige na, Macey. Best friends tayo, di ba? Kaya tulungan mo na ako,” ungot ni Lesandrea.

Naroon sila sa *Mac Café* para pag-usapan ang makabagbag-damdaming problemang kahapon lang natisod sa buhay niya. Wala talaga siyang balak na ipaalam sa kaibigan ang ginawa niyang pakikipagkasundo kay Hans, kung di lang talaga niya kailangan ang tulong nito.

“Tigilan mo ako, Les. Pass ako sa kalokohan mo ngayon. Natatakot ako para sa ’yo.”

“Kaya ko na ang sarili ko.”

“Kaya mo na pala, eh, bakit ka pa humihingi ng tulong sa ’kin?”

Napipilan si Lesandrea. “Masisisi mo ba ako? Gusto ko talagang mabawi iyong kompanya.” Napayuko siya. Narinig niya ang malalim na buntong-hininga ni Macey.

“Hindi mo ba kilala ang mga De Calibre? You won’t like it when they’re angry. And as far as I know, Benjamin De Calibre is the most dangerous of them all.”



“Hindi ako magpapahuli.”

“You don’t know what you’re saying.” Tigas ito sa pag-iling.

“Tatlong buwan lang naman. Kakayanin ko hanggang sa matapos ang tatlong buwan.”

Isang di-mapakapaniwalang tingin ang ipinukol nito sa kanya. Sa paraan ng pagkakatingin ng kausap ay batid niyang payag na ito sa tulong na hinihingi niya. “Alam mong hindi kita kayang tanggihan, pero this time, I want you to know that I really have a bad feeling about this. Binabalaan kita, mapanganib magalit ang mga De Calibre.”

“H-hindi naman maapektuhan ang pagkakaibigan natin kapag nagkabukingan, di ba?”

“Hindi nga. Pero hindi ako nakakasigurong hindi maapektuhan ang pagiging magpinsan namin ni Kuya Ben.”

Napapikit siya sa naging kasagutan nito. Right. Benjamin De Calibre was her best friend’s cousin. Magkapatid ang mga ina ng dalawa. Nahihiyang napayakap siya sa kaibigan. Punung-puno ng guilt ang kanyang pagkatao nang mga oras na iyon.

“I am so sorry. Hindi ko naman talaga gustong masuong sa ganitong klase ng sitwasyon, eh.”

“Silly. It’s okay. Naiintindihan kita.”

“Pero ikaw ang inaalala ko. Baka ikaw ang hindi nila maintindihan.” Bigla siyang nakaramdam ng takot para kay Macey. Batid din niyang napakahirap para rito ang ipinapagawa niya—lalo na’t para na rin nitong ipinagkanulo ang sariling pamilya dahil sa

hinihingi niyang tulong mula rito. “This is all his fault! Kasalanan ng Hans na iyon ang lahat ng ito.”

“Mr. De Silva’s company, the *PH Steel Company*, although it’s still new being on the industry for only five years, is striving really hard to cope up with the *De Calibre Steel Company* who owns the largest and most renowned steel company in the world. Samakatuwid ay magkalabang mortal ang mga kompanya nila,” sabi ng kaibigan.

“Hans De Silva is a certified user!”

“Wala kang magagawa dahil hawak niya ang alas. Dalawa lang naman ang pagpipilian mo, eh. It’s either your pride or your company. And obviously, you chose the latter.”

Napatayo si Lesandrea at napatingin sa labas ng bintana. Hindi niya alam ang dapat gawin. Nagtatalo ang kanyang isip kung tama ba ang naging desisyon niyang pumayag sa kasunduang iyon.

Hans wanted her to work in Ben’s company. Nais nitong pasukin niya ang gahiganteng kompanya ng mga De Calibre para isabotahe ang transactions ng kompanya. He wanted Ben’s company to collapse... right in front of his face.

Napapikit siya nang muling kumirod ang kanyang sentido. Kasunod ng pagpikit niyang iyon ay biglang dumaloy sa balintataw niya ang naging usapan nila ni Hans nang nakaraang araw.

“*Work for you?*” nalilitong sabi niya.

“*Yes.*”

*She frantically laughed at him. He was so cruel! She*

*was once the president of her own company, but now, the man who bought it wanted her to work for him? Para siyang inutusang sumuka, pagkatapos ay inuutusan ulit na lunukin ang isinuka niya. The feeling was so depressing... and degrading. Wala siyang ibang naisagot kundi ang di-makapaniwalang iling.*

*“You didn’t get it, did you?”*

*“You’re so cruel.”*

*“I am not asking you to work for me in this company.”*

*Mas lalo siyang nalito sa sinabi nito. Napakunot-noo si Lesandrea. “A-ano’ng ibig mong sabihin?”*

*“Be my spy. Pasukin mo ang kompanya ng mga De Calibre. Tulungan mo akong pabagsakin sila.”*

*Napaatras siya. “A-ano ba’ng sinasabi mo?”*

*“I want you to work for Benjamin De Calibre. Kunin mo ang loob niya. Gagamitin kita bilang mga mata ko sa loob ng teritoryo niya,” pahayag ng binata.*

*“T-that’s impossible!”*

*“Paibigin mo siya kung kinakailangan. Basta siguraduhin mong matutupad ang lahat ng mga pinaplano ko. Iyon lang ang tanging kondisyong hihilingin ko para mabawi mo ang kompanya.”*

*“You’re crazy! Paano mo naisip na mapapaibig ko siya?”*

*“You were his first love.”*

*She froze. She’s getting more and more afraid of him. He’s very scary. Nakakatakot ang ipinapakita nitong katusuhan. “H-how did you know that? Wala namang makakaalam ng first love ni Ben kundi siya lang.” Nag-*

*iwas siya ng tingin.*

*“Niligawan ka niya ten years ago, right?” paaalala ni Hans.*

*“That doesn’t mean that I am his first love.”*

*“He stopped courting other women when you dumped him.”*

*“H-hindi totoo iyan! Nagkaroon siya ng marami pang karelasyon matapos ko siyang tanggihan noon! And I didn’t dump him! Hanggang kaibigan lang talaga ang turing ko sa kanya.”*

*Umiling ito. “He never did court any of them. Ikaw ang una at huling niligawan niya.”*

*“You’re crazy!” Nanghihinang napailing ang dalaga. Ben was her best friend too. Sila nina Macey ang magkakabarkada noong nag-aaral pa lang sila ng kolehiyo.*

*Ngunit batid niya ang bagay na tinuran ni Hans dahil mismong si Ben ang nagsabi niyon sa kanya noon. He promised not to court anybody until she finds her true man. Hindi niya alam na tinotoo pala nito ang biro nitong iyon matapos niyang tanggihan ang iniluhog nitong pag-ibig. Kung pag-ibig mang matatawag iyon. Napakurap si Lesandrea.*

*“I want your answer by tomorrow. Think about it,” anito bago umalis sa harap niya. Naiwan siyang nawiwindang sa rooftop ng kanyang kompanya.*

*Napabuntong-hininga si Lesandrea sa alaalang iyon.*